REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE – MARIKINA CITY
Shoe Ave., Sta. Elena, Marikina City
+63 (02) 682-2472 / 682-3989 (CID) / 508-6113 (SGOD)
https://depedmarikina.ph / (email) sdo.marikina@deped.gov.ph

January 24, 2018

MEMORANDUM TO:

Chief Education Supervisors, SGOD & CID
Elementary and Secondary School Principals
Officers-In-Charge
Public Schools Only

DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RELEASED
JAN 26 2018
RECORDS UNIT

DENGUE IMMUNIZATION FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

Attached herewith is the flier about Dengue Immunization Program from the Department of Health. All school heads are advised to replicate and distribute the same to the parents for information and guidance.

In line with the order of **Sec. Leonor M. Briones** to monitor the learners who received Dengvaxia vaccine, all clinic teachers/coordinators are enjoined to report or coordinate with their assigned division nurses any cases of fever among Dengvaxia vaccine beneficiaries.

For inquiries and concern you may call the **Division Health and Nutrition Section** at telephone no. 682-0592.

Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

SHERYLL T. GAYOLA
Officer- In- Charge
Office Schools Division Superintendent

DENGUE IMMUNIZATION

Frequently Asked Questions

Mga Katanungan	Mga Kasagutan
1. Sino ang maaring magkaroon ng severe dengue sa mga nabakunahan ng Dengvaxia?	• Batay sa report ng SANOFI, ang mga nabakunahan na nagkaroon ng sakit na Dengue noon ay mayroon nang pangmatagalang (*at least six years*) proteksiyon laban sa Dengue. • Para sa mga taong hindi pa nagka-dengue na nabakunahan, ang Dengvaxia ay nagbibigay din ng proteksiyon sa loob ng 30 buwan o 2 1/2 taon. Subalit maari silang manganib na magka-dengue matapos ang itinakdang panahon ng proteksiyon.
2. Ano ang dapat gawin para sa mga taong nabigyan ng bakuna?	• I-monitor o obserbahan ang mga nabakunahan ng 1, 2 o 3 doses ng Dengvaxia sa mga sintomas ng dengue tulad ng lagnat, sakit ng ulo, rashes, pananakit ng katawan, at iba pa. • Kumonsulta agad sa pinakamalapit na health center o hospital kapag may sintomas ng dengue. • Panatilihing malusog ang pangangatawan at palakasin ang resistensiya (*immune system*) sa pamamagitan ng wastong pagkain, sapat na tulog, regular na ehersisyo at iba pa.
3. Ano ang epekto ng Dengvaxia sa mga taong nabakunahan na hindi pa nagkakasakit ng dengue?	• Nagbibigay ng proteksyon sa loob ng 30 buwan o 2 ½ na taon ang Dengvaxia sa mga taong nabakunahan na hindi pa nagkakasakit ng dengue. • Matapos ang proteksyong ito, hindi awtomatik na makararanas ng severe dengue talo na kung hindi naman siya nakagat ng lamok na nagdadala ng dengue virus. At kung sakali mang makagat ng lamok na may dalang dengue virus, maaaring magka-dengue na kung maagapan agad ay hindi magiging severe dengue. • Para naman sa mga nabakunahan at nagkaroon na ng sakit na Dengue noon, mayroon na silang pangmatagalang (at least six years) proteksiyon laban sa apat na uri ng Dengue.
4. Ano ang ginagawang hakbang ng DOH ukol sa usapin ng bakuna kontra dengue (Dengvaxia)?	• Pansamantalang ipinatigil muna ng DOH ang dengue vaccination habang hinihintay ang rekomendasyon ng mga eksperto at ng World Health Organization. • Pinapaigting ng DOH, katuwang ang komunidad, DepEd at lokal na pamahalaan ang surveillance at monitoring ng mga nabakunahan para mas masubaybayang mabuti ang kanilang kondisyon. • Hinihikayat din ang komunidad at mga lokal na pamahalaan na paigtingin ang pagpapatupad sa **4S** kontra dengue na programa ng DOH upang mapuksa ang mga lamok na nagdadala ng dengue sa kanikanilang lugar. • Itinalaga ng DOH Central Office ang mga numerong 711-1001 at 711-1002 bilang Dengue hotline upang tumugon sa iba pang katanungan .

5. Ano ang **4S** kontra dengue ng DOH?	• Ang **4S** kontra dengue ay ang kabuuang pamamaraan upang maiwasan ang paglaganap ng dengue:
	  • Search and destroy breeding sites
	  • Seek early consultation
	  • Self protection
	  • Say yes to fogging in times of impending outbreak

Maging alerto! Komunsulta agad sa pinakamalapit na health center o pampublikong hospital kapag nilalagnat at may sintomas ng dengue

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health center o kaya ay sa mga sumusunod:

DOH ☎ 711-1001 711-1002 http://www.doh.gov.ph/ https://www.facebook.com/OfficialDOHgov/